February 11. 2026
TO. Arch. Jefferson Tomas
President | Owner
Koinonia Realty Corporation- My Cabin by One Selah

Mahal na G. Jefferson Tomas,

Ako po ay umaasang nasa mabuti kayong kalagayan. Mabigat man sa aking loob, ako po ay pormal na nagsusumite ng aking pagbibitiw sa aking tungkulin bilang Front Office staff ng My Cabin by One Selah.

Sa loob ng higit apat na taon ng aking panunungkulan sa kumpanya, ang aking karanasan ay higit pa sa isang trabaho. Ito ay naging isang makabuluhang paglalakbay na puno ng mahahalagang alaala, aral, hamon, at tagumpay. Gayunpaman, dahil sa kamakailang pagbabago sa aking personal na buhay, ako po ay napagpasyahan tahakin ang panibagong direksyon sa aking propesyon.

Nais ko pong linawin ang aking desisyon ay batay lamang sa personal na kadahilanan at hindi kaugnay ng anumang hindi pagkakaunawaan o isyu sa pamunuan o sa aking mga kasamahan. Lubos ko pong pinapahalagahan ang suporta, tiwala, at magandang samahang aking naranasan habang ako ay bahagi ng organisasyon.

Ako po ay nakahandang gawin ang lahat ng aking makakaya upang matiyak ang maayos na paglipat ng aking mga tungkulin, kabilang ang pagsasanay sa aking magiging kapalit o paghahanda ng kumpletong handover ng mga dokumento.

Maraming salamat sa inyong pag-unawa at aking pinapahalagahan ang panahong aking ginugol sa My Cabin by One Selah. Umaasa akong muli pang magtatagpo ang ating mga landas sa ibang pagkakataon.

Approve
[signature] 13

Taas-pusong gumagalang,
[signature]
Legie Bafal
Front Office Staff

[signature] 02/11/26
Joshua [signature] Laureano